# Dalawang Katatawanan

SINUNGALING ANG SALAMIN

Si Teryo at si Terya ay dalawang magkaibigan, hindi magnobyo. Isang araw ay magkasamang nagpapasyal ang dalawa. May naraanang isang tindera na may mukhang kaakit-akit at bawa't makatingin ay nahahalina. Isa sa mga nahalina ay si Teryo.

—Kay ganda-ganda ng dalagang iyan—ang wika ng binata.

Si Terya, na isang dalagang ayaw makaringig ng mga salitang pumupuri sa kagandahan ng ibang babai ay lumabi.

—Pse!—anya,—kundanga'y de salamin ka.

—O, e ano kung ako'y de salamin?

—At di mo ba nalalamang lahat ng salamin ay sinungaling?

Walang anu-ano ay nakasalubong ang dalawa ng dalawang kaibigang binata na kapuwa rin de salamin.

—Naku, Teryo, kay palad mo!—ang wika ng isá.

—At bakit?—tanong ni Teryo—Pagkaganda-ganda ng kapartner mo.

Si Teryo ay napatingin kay Terya.

—Oo, pagkaganda-ganda...

—Hindi ba maáaring alisin mo muna ang iyong salamin bago ka magsalita?

—Hu!—ang paismid ni Terya.

—«o»—

PABALIGTAD NA PAGBASA

Ito'y nangyari noong naririto pa ang mga hapon.

At nangyari sa isang trambiya. Nagbabasa noon ang isang lalaking may matikas na tindig at di mo sasabihing hindi marunong bumasa. Ang tinutunghayan ay "Taliba", tanging pahayagang tagalog na pangaraw-araw at nasa ilalim ng kapangyarihan ng mga hapon. Napansin ng mga katabi na ang pagkakahawak sa pahayagan ay pabaligtad, patumbalik, *ulo* ang nasa ibaba at *paa* ang nasa itaas.

Isang kaibigan ang lumapit.

—Hoy, pinagtatawanan ka ng lahat—ang wika,—hindi ka raw marunong bumasa ay naghahambog ka sa harap ng marami; ibig mo raw lamang masabing marunong ka ngang bumasa.

—At bakit?—itinanong.

—Pabaligtad daw ang hawak mo sa peryodiko...

—At di ba nila nalalamang ganitong talaga kung basahin ngayon ang alin mang peryodiko ng TVT?

—Aba! at bakit?

—Sapagka't ang kahulugan ng lahat ng sinasabi ay kailangang baligtarin!

# Mga Salitang Magkakasingkahulugan

### *Abáng*
### (*abat, bakay, pukoy, habát*)

Ang salitáng *abáng* ay siyang ginagamit kung ang isa'y naghihintay sa sinumáng ibig na makita o mákatagpo.

Kung ang paghihintáy ay ginagawa ng pasubók sa isáng tiyák na pagdaraanan, *abat.*

Kung ginagawa namán ng nagpapalakad-lakad na wari'y nakikiramdam sa isáng pook o isáng bahay na inaakalang kinaroroonan ng ibig makita o makatagpo, *bakay.*

Ang *pukoy* ay hindi gamitíng salita sa Maynila; iyá'y salitáng lalawigan na ginagamit sa pag-aabáng sa sinumáng ibig na mahuli.

*Habát* ang ginagamit kung ang sinumáng nais na madakip o mákatagpo ay pasalubóng na aabangán sa isáng tiyák na pagdaraanan.

Dito natin silá *abangán.*

Diyán mo *abatan* ang masamang taong iyon at tiyák na mahuhuli mo.

Sino ba o anó ba ang *binabakayan* mo sa pook naming itó at lagi na kitáng nakikita kung ganitóng oras?

Kung hindi sa Ilaya nilá *pinukoy* ay hindi nila mahuhuli si Manuel.

Hinahabol nilá roon ang magnanakaw. *habatín* natin dito.

### *Abay*
### (*sama, akbay, akay*)

Ang pinakasaligáng salita ng *abay, akbay* at *akay* ay ang *sama* at iniuukol sa paglakad na may sadyáng kasabáy at kagayák.

Sinasabing *abay* kung ang kasama'y sadyang itinalagá sa sinumáng tumatanggáp ng anumáng karangalan o kaya'y sa sinumáng inihahatíd pará sa isáng layunin.

Si Pedro at si Marya ang siyáng *magsisiabay* sa ikakasál bukas; si Rodolfo ang *pinaabay* sa Alkalde nang itó'y magtungo sa Palasyo.

Kung ang isá sa magkasama sa lakad ay nakasapupo sa baywang o nakapatong ang kamáy sa may gawíng balikat, *akbáy.*

Si Lupo't si Carlos ay *magkaakbáy* sa paglakad.

Kung hawak sa kamáy ang isáng kasama, *akay.*

Si Simón ay *akay* ng kanyang anák na bunso.

### *Abók*
### (*gabók, alabók, alikabok*)

Ang *abók* ay siyang itinatawag sa lahát ng bagay na duróg na nápakaliliít.

*Gabók* namán ang tawag sa alín mang bagay na nakakain na pinatutuyo't dinudurog o ginigiling na mabuti, katulad bagá ng kamote, bigás, balinghoy, dawa atb. Kung bagá sa kastila ay arina.

Ang inilagáy sa maruya ay *gabók* ng balinghoy; noong panahon ng mga hapón ay *gabók* ng bigás ang ginawáng tinapay

*Alabók* ang tawag sa lupang nadudurog.

Ang tao'y sa *alabók* galing, sa *alabók* din uuwi.

Tinatawag namáng *alikabók* ang lahát ng uri ng abók na inililipád ng hangin buhat sa mga daán.

Pag ganitóng tag-aráw ay talagáng di ka makakahingá sa *alikabók* sa lahát ng lansangan sa Maynila.

# Panghuling Talata

*Ang ikatlóng bilang na itó ng ILANG-ILANG ay lálabás na pataón sa kaarawán ng mga patáy. Itó ang sanhi kung anó't ang aming mga dahon ay nahihiyasán ngayón ng mga lathalang patungkól sa araw na iyán, isáng araw na magbuhat pa noong panahón ng nuno ng ating kánunununuan, ay pinarárangalán na't inaalaala. Sa katutubong ugali natin ay maibibilang ang ipinagkakapuring di-paglimot sa mga hinlog na sumakabilang-buhay.*

*Umaasa kamí na ang lahát ng puók na kinâhihimlayán ng mga nagsiyao ay magiging punuan ng mga taong magsisidalaw, di lamang upang tupdín ang kaugaliang yaón, kundi sapagka't lahát ay nanánabík na silá'y mapagukulan ng mga sariwang alaala, palibhasa sa loob ng panahóng inilagi rito sa atin ng mga kaaway ay ipinagbawal ang pagtupád sa kaugaliang itó.*

*Itóng ILANG-ILANG ay nakikiisá ng buong puso sa damdaming namumugad ngayón sa dibdib ng mga inulila ng mga "nabulíd sa gitna ng dilím," sa gitna ng larangan ng labanán, na, ibigin man nilá'y hindi maaaring makadalaw sa pook na naging káhuli-hulihang himlayan ng kaniláng pinakaiibig na buong giting at kabayanihang namatáy sa pagtupád ng kanilang banál na tungkulin. Mananatili na lamang tayo sa paggunita at pag-uukol ng mga panalanging ukol sa kanilang kinâhimlayán. Kaya, pará sa kanilá, sa pagsapit ng araw na itó ng mga patáy, ay di lamang mga tunay na naulila ang gumugunita, kundi ang buong bayang humahanga sa kanilang katapangan at pag-ibig sa tinubuang-lupa.*

*Anó kung silá'y waláng korona sa puntód ng libing? Anó kung wala mang kandiláng umuusok? Higit sa korona ay naroón ang paghanga ng buóng bayan. Higit sa kanila ay naroón ang taimtim na dalangin ng lahát. Ang mga korona'y nalalanta. Ang mga kandila'y nauubos at namámatáy. Nguni't ang paghanga at pagdalangin ay pumápailanlang hanggang sa mapayapang pook na kanilang pinagpapahingahán.*

*Magsihimbíng nawa siláng mapayapa!*

**✝ *Alalahanin natin ngayon ang mga di-kilaláng nangasawi sa pakikilaban . . .***